

CCTV surveillance



Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng impormasyon sa patakaran ng Mission Australia Housing ukol sa pagmamatyag gamit ang CCTV.

Ano ang CCTV surveillance?

- Ang CCTV (Closed Circuit Television) ay ginagamit upang masigurado ang kaligtasan ng mga nangungupahan, mga empleyado at mga bisita sa Mission Australia Housing (MAH).
- Ang mga CCTV ay ginagamit sa mga pangkalahatang lugar sa ilang ari-arian ng MAH upang magsubaybay at magtala ng mga imahe sa mga partikular na lokasyon ng MAH at paigtingin ang kaligtasan at seguridad sa mga lugar na ito.
- Ang CCTV ay gumagana 24 oras kada araw sa mga partikular na lokasyon ng MAH.

Paano gagamitin ng MAH ang mga CCTV footage?

- maaaring gamitin ng MAH ang CCTV footage upang siguraduhin ang kaligtasan ng mga nangungupahan, mga empleyado at mga bisita ng MAH
- kung mayroong makatwirang dahilan na mayroong krimen na naganap sa lugar ng MAH, ang CCTV footage ay maaaring gamitin ng mga pulis o gamitin sa layunin ng pagpapatupad ng batas

- maaaring gamitin ng MAH ang CCTV footage para sa mga bagay na konektado sa pangungupahan at bilang ebidensya ng pinagsususpetsahan na paglabag ng kasunduan sa pangungupahan
- sisiguraduhin ng MAH na ang privacy at kaligtasan ng mga nangungupahan, mga empleyado at mga bisita ay maprotektahan habang ginagamit ang CCTV footage

Paano ipinapaalam sa mga nangungupahan ng MAH ang paggamit ng CCTV?

- sa simula ng at sa panahon ng pangungupahan, ang mga nangungupahan ay bibigyang impormasyon sa paggamit ng CCTV kung kinakailangan
- ang mga nangungupahan ay bibigyan ng impormasyon kung kailan at saan gumagana ang mga kamera ng CCTV at sa kung anu-anong mga kalagayan gagamitin ang CCTV footage. Ang mga lugar sa MAH na mayroong CCTV ay magkakaroon ng mga palatandaan na nagsasabing mayroong CCTV
- Ang mga nangungupahan na humihiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa CCTV ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang Housing Manager

Maaari ba akong humiling ng paggamit ng CCTV footage?

Sa oras na ikaw ay naghain ng apila o reklamo, ang MAH ay naglalayon na magbigay-alam ng

pagkakatanggap nito sa loob ng 7 araw na matanggap ito ng MAH

- Upang maprotektahan ang privacy ng mga nangungupahan, mga empleyado at mga nangungutrata, anumang footage na nakuha ng CCTV ay hindi magagamit ng mga nangungupahan o mga taga-suporta
- sa mga pagkakataon na mayroong krimen na naganap at ang CCTV ay makakapagbigay ng mahalagang ebidensya, ang mga nangungupahan ay dapat makipag-ugnayan sa pulis na maaaring pormal na maghain ng hiling na magamit ang footage

Para sa karagdagang impormasyon sa patakaran ng MAH ukol sa CCTV, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng MAH.

Contact us



Mission Australia Housing
580 George Street
Sydney NSW 2000



1800 269 672



missionaustralia.com.au